07-009
JUL 29 2025

Hulyo 28, 2025

**SCHOOL MEMORANDUM**
**No. 081, s. 2025**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Para sa: Mga Guro at Kawani ng Paaralan

1. Ang wika ay ang pundasyon ng ating pagkakaisa at pagkakakilanlan. Ang paaralang Luis Y. Ferrer Jr. North National High School ay nakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025, ngayong buwan ng Agosto na may temang "*Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa.*" Ito ay nakasaad sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na may adhikaing palakasin ang kamalayang makabansa at itaguyod ang Filipino at mga katutubong wika upang maging isang mahalagang bahagi ng pagkakaisa ng Pilipino.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041, s. 1997, na nagtatakda ng buwan ng Agosto bilang Buwan ng Wikang Pambansa.
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga guro at mag-aaral ukol sa wika at maitampok ang mahalagang papel ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa ng bansa
   c. Maganyak ang mga guro at mag-aaral na pahalagahan ang wikang Filipino at mga katutubong wika sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   d. Maipakilala sa mga guro at mag-aaral ang Komisyon ng Wikang Filipino bilang ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Narito ang limang lingguhang tema at mungkahing mga gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

| PETSA | GAWAIN | KALAHOK |
|---|---|---|
| Agosto 4, 11, at 18, 2025 | Pagsusuot ng barong, Filipiniana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes sa pagtataas ng pambansang watawat;<br>Dagdag Kaalaman (Trivia) (Tuwing Lunes bilang bahagi ng Flag Ceremony mula sa Filipino Club) | Mga Guro |
| Agosto 12, 2025 | Balagtasan sa Modernong panahon(Fliptop) | Mga mag-aaral mula baitang 7-10 |
| Agosto 19, 2025 | Patinikan sa Panitikan | Mga Guro at mag-aaral mula baitang 7-10 |
| Agosto 26, 2025 | Sabayang Pagbigkas | Mga mag-aaral mula baitang 7-10 |
| Agosto 29, 2025 | Lakan at Lakambini 2025 | Mga mag-aaral mula baitang 7-10 |
| Agosto 29, 2025<br>Pangwakas na Gawain | Pagpapakitang gilas ng mga nagwagi sa bawat patimpalak<br>Paggagawad ng Sertipiko sa mga lumahok at nagwagi | Mga Guro<br>Mga Mag-aaral |

4. Kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika, ang mga guro ay inaasahang magsusuot ng barong, Filipiana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes sa pagtataas ng Pambansang Watawat.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**NANETH P. SALVADOR, EdD**
Punongguro II

IDM / SM NO.081, S. 2025
07/28/25